

ACTIVITY

- A. Ang mga salita sa ibaba ay nakasulat na code. Gamitin ang mga letters sa decoder upang makatulong na mabuo ang salita. Isulat ang sagot sa ibinigay na linya.

A	1
B	2
C	3
D	4
E	5
F	6
G	7
H	8
I	9
J	10
K	11
L	12
M	13

N	14
O	15
P	16
Q	17
R	18
S	19
T	20
U	21
V	22
W	23
X	24
Y	25
Z	26

- 9-19-18-1-5-12 = _____
- 8-1-18-9 = _____
- 19-1-21-12 = _____
- 2-5-14-10-1-13-9-14 = _____
- 19-1-13-21-5-12 = _____
- 16-1-7-19-21-23-1-25 = _____
- 11-9-19-8 = _____
- 16-9-14-21-14-15 = _____
- 1-13-13-15-14-9-20-1 = _____
- 8-21-11-15-13 = _____
- 12-9-16-9 = _____
- 6-9-12-9-19-20-5-15 = _____

- B. Sagutin ang mga tanong.

1. Sino si Saul, at bakit siya mahalaga sa Bibliya?

2. Bakit pumili ang Diyos ng hari para sa Israel?

3. Anong pagkakamali ang ginawa ni Saul na nagdulot ng mga problema sa kanyang paghahari?

4. Paano natapos ang panunungkulan ni Saul bilang hari?

5. Ano ang itinuturo sa iyo ng kuwento ni Saul tungkol sa pamumuno at pagsunod?

Ang kuwento ni Saul ay nagsisilbing isang babala tungkol sa mga kahihinatnan ng pagsuway at ang kahalagahan ng pagpapakumbaba at pagsunod sa kalooban ng Diyos. Sa kabila ng kanyang unang pangako bilang isang pinuno, ang pagbagsak ni Saul sa huli ay kanyang sariling gawa, dahil pinahintulutan niya ang pagmamataas, at pagsuway na nagdulot ng hindi tamang pag-iisip na nagligaw sa kanya.



C. Basahin ang maikling kwento at sagutin ang mga tanong.

May isang 12 year old na batang nanggangalang Tommy. Mahal na mahal niya ang paglalaro ng baseball, higit sa anumang bagay sa mundo. Siya ang *star pitcher* ng kanyang team, at mayroon silang mahalagang laro laban sa isa pang team na kasing galing nila.

Habang nalalapit na ang kanilang game, lalo pang lumakas ang tiwala ni Tommy sa kanyang kakayahan. Sinasabi niya sa kanyang mga kaibigan kung paano niya sila dadalhin sa tagumpay nang mag-isa lamang.

Tommy: "Ako ang pinakamahusay na pitcher sa bayan! Walang makakatalo sa akin!"

Sumang-ayon ang kanyang mga kaibigan habang siya'y pinapalakpakan ng mga ito. Ngunit sa kabilang banda, nag-aalala rin sila sa kanyang pagkakaroon ng matinding kumpiyansa sa sarili. Sa palagay ng kaniyang kaibigang si Marlon ay lumalaki na ang ulo ni Tommy.

Sa araw ng laro, si Tommy ay lumakad patungo sa gitna ng *baseball field* ng taas noo at tuwid na tuwid ang katawan. Siya ay determinadong ipakita sa lahat kung gaano siya kahusay.

Ngunit habang nagtutuloy ang laro, dahil sa pagmamataas at sobrang kumpiyansa sa sarili, unti-unti siyang nagkakamali sa pagpapasya sa paraan niya ng paglalaro. Sa halip na makinig sa payo ng kanyang coach at makipagtulungan sa kanyang mga teammates, sinubukan niyang gawin ang lahat ng mag-isa.

Coach: "Tommy, tandaan mong magtiwala ka sa iyong mga kasama at makipagtulungan bilang bahagi ng isang team."

Tommy: "Kaya ko ito, coach. Hindi ko kailangan ang tulong ng sinuman. Maipapanalo ko ang ating team."

Ngunit sa kabila ng kanyang umaapaw na kumpiyansa sa sarili, ang mga solo na pagsisikap ni Tommy ay nagsimulang bumaligtad. Siya ay nagkamali sa pagsalo ng bola, nagbato ng *wild pitches*, at gumawa ng mga matinding pagkakamali na nagbigay-daan upang lumamang ang kanilang kalaban.

Sa bawat pagkakamali, lalong tumitindi ang kanyang kahambugan, at tumanggi siyang aminin na kailangan niya ng tulong. Ngunit sa kanyang puso, alam niyang ang kanyang kasakiman ang nagiging dahilan para lalo silang lamangan ng kabilang koponan.

Huli na nang maunawaan at matanggap ni ni Tommy ang mga kinahinatnan ng kanyang kasakiman at kayabangan.

Tommy: "Paumanhin po, coach. Dapat ay pinakinggan kita at nagtiwala ako sa aking mga teammates."

Coach: "Tommy, sa isang palaro tayo ay nananalo at natatalo bilang isang koponan. Gamitin mo itong aral tungkol sa kahalagahan ng kababaang-loob, pakikinig at pagkikipagtulungan."

Tumango si Tommy. Humingi rin siya ng paumanhin sa kanyang mga teammates at nangakong hindi na siya magsasarili at pahahalagahan niya ang lahat ng instructions ng kanilang coach at makikipag-cooperate na sa kanilang lahat.

Mga tanong:

1. Ano ang maling ginawa ni Tommy?

2. Ano ang mabuting ginawa ni Tommy?

3. Kung ikaw si Tommy at pinaalalahanan ka ng iyong coach, ano ang iyong gagawin?

Sa kwento ni Tommy, matututuhan natin na ang kasakiman, hindi pakikinig sa *instructions* o mga paalala at pagsasarili ay maaaring magdulot ng mga pagkakamali at kabiguan. Ngunit ang kababaang-loob, pakikinig, pagsunod at pagtutulungan ang magdadala ng tagumpay. Ang mga batang tulad natin ay dapat na matutuhan at i-practice ang mabubuting katangian na ito.



D. Memory Verse

Bakit ko sinasabi ito, dahil ba sa nais kong mapuri ng tao? Hindi! Ang papuri lamang ng Diyos ang tangi kong hinahangad. Sinisikap ko bang magbigay-lugod sa tao? Hindi! Kung iyan ang talagang hangad ko, hindi na sana ako naging alipin ni Cristo. **Galacia 1:10**

